



EDITORIAL

## Buong-sikhay na biguin ang brutal na Oplan Kapayapaan

Noong 2017, buong pagmamayabang na idineklara ni Rodrigo Duterte at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na lubos nilang gagapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa 2018 sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Mas ambisyoso ito kumpara sa lubos na nabigong deklarasyong "ipawawalang-saysay ang BHB" sa ilalim ng Oplan Bayanihan (2011-2016) ng nagdaang rehimeng Aquino.

Tulad ng lahat ng nagdaang kontra-rebolusyonaryong digmang pagsupil mula pa sa panahon ni Marcos, mabibigo si Duterte at ang kanyang Oplan Kapayapaan na matamo ang deklaradong ambisyon nito. Ang hangarin ng bayan para sa katarungang panlipunan, tunay na demokrasya at pambansang kalayaan ay hindi masusupil anupaman ang tindi ng armadong brutalidad ni Duterte para ipagtanggol ang interes ng mga mapang-api at mapagsamantala.

Sa desperasyong gapiin ang armadong paglaban ng mamamayang Pilipino, pinatindi ni Duterte ang kontra-

rebolusyonaryong gera gamit ang buong armadong makinarya ng estado. Ginagamit ni Duterte at ng AFP ang taktika ng malawakang okupasyon ng mga barangay sa kanayunan at paninindak at pamumwersa sa mamamayan. Layunin nitong supilin ang pakikibaka ng masang magsasaka at mga minoryang mamamayan para sa lupa, bigyang-daan ang interes ng dayong malalaking korporasyon sa pagmimina at mga plantasyon at hadlangan ang paglahok ng masa sa armadong pakikibaka at pagsuporta sa hukbong bayan.

*"Oplan Kapayapaan..." sundan sa pahina 2*

## Bagong-buong batalyon, binigwasan ng BHB-Isabela

BINIGWASAN NG Bagong Hukbong Bayan-Central Isabela (Reynaldo Piñon Command o RPC) ang 95th IB, isa sa mga bagong buong batalyon ng AFP, na nasa ilalim ng 5th ID.

Umabot sa 12 ang napatay at tatlo ang nasugatan nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ang platoon ng 95th IB sa Barangay Sindon Bayabo, Ilagan City noong Agosto 16, alas-5 ng umaga. Kabilang sa mga napatay si Sgt. Junie Iyadan. Naka-samsam ng isang R4 assault rifle at 10 magasin ang BHB mula sa ambus. Bilang ganti, nagpaulan ng bomba at bala mula sa dalawang helikopter ang AFP. Nagdulot ito ng matinding takot sa mama-

*"95th IB..." sundan sa pahina 4*

Kaakibat nito, sa mga lugar na pangunahing kinokonsentrahan ng AFP, naglulunsad ang mga yunit nito ng mga operasyong pagdumog o mga "focused military operation" gamit ang higit na nakararaming pwersa laban sa mga yunit ng BHB. May mga operasyong idinidirihe sa antas dibisyon o *area command* at nagpapakilos ng laking batalyong mga pwersang pangmaniobra para ihiwalay at kubkubin ang yunit o mga yunit ng BHB sa lugar. Gumagamit ng mga *drone* para sa sarbeylans. Gumagamit ito ng mga helikopter, naghuhulog ng bomba at *rocket* at nanganganyon para sindakin ang mamamayan.

Sa tangkang sakupin ang lahat ng larangang gerilya at erya na saklaw ng teritoryo o kinikilusan ng rebolusyonaryong kilusan, naghabol si Duterte na ibayong palakihin ang AFP. Nagbuo ang AFP ng 10 bagong batalyon para sa kabuuang 97 batalyon. Target nitong makapagrekut ng 15,000 sundalo hanggang katapusan ng taon at ipinang-aakit ang pangakong dagdag na

sweldo. Nagkukumahog si Duterte na makakuha ng iba't ibang makabagong sandata mula sa US at iba pang bansa. Nangungutang siya para makabili ng dagdag na mga baril, bala, helikopter, mga *rocket*, bomba at iba pang armas.

Sa kabila ng pagpapaigting ng todong-gera, walang ibang kaha-hantungan si Duterte at ang AFP kundi lubos na pagkabigo sa tangkang supilin ang rebolusyonaryong armadong paglaban.

Batak na batak ang pwersa ng AFP. Nakapakat sa Mindanao ang 75 batalyon, 34 sa mga erya ng Moro at 41 laban sa BHB. Gayon, may 20-25 batalyon lamang ang nakapakat sa Luzon at Visayas na nagbibigay sa BHB sa mga rehiyong ito ng malawak na puwang para makapagmaniobra, makapagpalawak at makapagpalakas.

Maging sa inilulunsad na mga operasyong pagdumog sa ilang rehiyon sa Mindanao, kaya lang ng AFP na magkonsentra ng isang batalyon ng mga tropang pangmaniobra para sakupin ang ilang magkakanugnog na kulumpon ng mga



baryo sa loob ng ilang linggo. Ang iba nitong mga tropang pangkombat ay paisa-isang iskwad na ikinakalat sa mga baryo sa saklaw ng mga larangang gerilya ng BHB kung saan vulnerable sila sa anihilasyon ng mga platun ng BHB. Higit na nakararaming baryo ang walang presensya ng AFP—patunay na hindi nila kayang sakupin ang lahat ng baryo sa lahat ng pagkakataon.

Lubha nang napapagod ang mga upisyal at tropa ng AFP sa palipatlipat at walang-patid na mga operasyon sa larangan na lagi't lagi namang nabibigo.

Nababangkarote ang gubyrno ni Duterte. Sumirit nang mahigit 30% ang depisito nito sa badyet nitong Enero-Hulyo. Para bumili ng bagong mga armas, lalo nitong inilulubog sa utang ang bansa. Sa usapin ng pondo at pulitika, hindi nito kayang araw-araw na manganyon o paliparin ang mga helikopter para maghulog ng bomba. Dagdag dito, batbat ng korapsyon ang militar. Nag-iimbento ng listahan ng mga "surrenderee" ang mga upisyal para maibulsa ang pondo para sa "integrasyon." Kinakaltasan nila maging ang pondo para sa operasyon ng kanilang mga tropa.

Sa estratehikong pananaw, walang saysay ang paggamit ni Duterte at ng AFP ng modernong mga sandata. Hindi kaya ng mga bomba at *rocket* na patagin ang mga bundok ni gapiin mga yunit ng BHB na bihasa sa paggamit ng mga taktikang gerilya at tumatamasa ng malalim at malawak na suporta ng masa.

Mabibigo si Duterte sa ambisyon niyang gapiin ang BHB dahil lubha siyang nahihwalay sa mamamayang Pilipino. Habang lalong nagiging malupit at brutal ang armadong panunupil, lalo rin niyang inuupat ang mamamayan na mag-sandata at lumaban. Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, kaliwa't kanan ang mga paglabag sa karapatang-tao. Araw-araw ay libu-libong mamamayan ang sinisindak, pinupwersa at pinagbabantaan ng mga

 <p>Tomong XLIX Blg. 17   Setyembre 7, 2018</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> <a href="https://www.instagram.com/sine.proletaryo">instagram.com/sine.proletaryo</a></p> <p> <a href="https://twitter.com/prwc_info">@prwc_info</a></p> <p> <a href="https://www.facebook.com/groups/cppinformationbureau">fb.com/groups/cppinformationbureau</a></p> <p> <a href="mailto:cppinformationbureau@gmail.com">cppinformationbureau@gmail.com</a></p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p><b>Editorial:</b> Buong-sikhay na biguin</p> <p>ang Oplan Kapayapaan 1</p> <p>95th IB, binigwasan ng BHB 1</p> <p>2 operasyong mina, pinaralisa 4</p> <p>10 M16, nasamsam mula sa Lapinig 5</p> <p>Pambobomba sa Mindanao 5</p> <p>Lumalalang krisis sa ekonomya 6</p> <p>Ibasura ang OLBARRM—MRLO 7</p> <p>Martsa ng mga manggagawa 8</p> <p>Pagbawi ng lupang ninuno 8</p> <p>Pananalasa ng militar at pulis 9</p> <p>Krisis sa bigas at pagkain 11</p> <p>Masaker sa India 12</p> <p>Pagbubuklod sa Colombia 13</p>
---	--

pasistang sundalo na sumasakop sa kanilang mga barangay.

Inaabuso ng mga upisyal ng AFP ang kanilang kapangyarihan sa arbitraryong pagbubuo ng listahan ng mga taong kailangang magpa-"clear" at pamimilit sa kanila na "sumurender" kahit pa walang ebidensya na sila'y mga kasapi ng BHB. Walang pormal na kasong isinasampa sa korte. Marami ang nilililang na dumalo sa mga pagtitipon para diumano mamigay ng pondo o serbisyo na kalaunan ay palalabasin sa midya na mga "NPA surrenderee."

Lagpas nang kalahating taon, wala pang maipakitang mayor na tagumpay ang AFP sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Ang tanging ipinagmamalaki ng AFP ay ang sinasabi nitong mahigit 4,000 "sumurender" na katunaya'y mga biktima ng walang-habas na paninindak at pandarahas ng AFP. Maya't maya na idinideklara ng militar ang mga "development ready area" pero paulit-ulit namang napasisinungalingan ng inilulunsad na taktikal na opensiba ng BHB sa lugar.

Katunayan, tuluy-tuloy na nakapaglulunsad ang BHB ng paparaming mga taktikal na opensiba. Kabilang dito ang mga inilulunsad kamakailan lamang ng BHB sa Luzon at Visayas tulad ng sa Ilocos Sur, Isabela, Mt. Province, Rizal, Quezon, Batangas, Albay, Masbate, Northern Samar, Capiz at Iloilo.

Sa kabila ng pagpakat ng halos 50% ng tropa nito laban sa BHB sa Mindanao, patuloy na nakapaglulunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba at iba pang aksyon sa limang rehiyon nito sa Mindanao. Patuloy nitong ipinatutupad ang mga batas at patakaran ng demokrati-kong gubyernong bayan sa usapin ng ekonomya, kapaligiran at iba pa.

Sa darating na mga buwan, ang papadalas at papalaking mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong bansa ay tiyak na lalong magbaba-tak sa mga pwersa ng AFP.

Sa pangunguna ng Partido, lubos-lubos na bibiguin ng BHB ang Oplan Kapayapaan ni Duterte nga-

yong taon. Magagawa ito ng BHB sa pamamagitan ng pagtalima sa linya ng malaganap at maigting na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa.

Dapat magpunyagi at maging handa sa hirap at sakripisyo ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng BHB sa harap ng kontrarebolusyonyong brutalidad ng gera ni Duterte. Dapat laging mataas ang diwang mapanlaban upang hadlangan ang imbing pakana ng kaaway sa lahat ng yugto, panahon at pagkakataon.

Puspusing palakasin ang Partido sa loob at lahat ng antas ng BHB. Dapat mahigpit na pamunuan ng Partido ang BHB sa lahatangpanig na paggampan nito ng mga gawain sa militar at pulitika. Ibayong palakasin ang BHB. Tuluy-tuloy na magrekrut at magsanay ng bagong mga Pulang mandirigma.

Sa lahat ng pagkakataon ay kunin ang inisyatiba at biguin ang mga opensiba ng kaaway. Patuloy na paunlarin ang pagkadalubhasa sa paglapat ng mga taktikang gerilya, pagkokonsentra at pagkakalat, mabilisang paglilipat-lipat, paggamit ng panlalansi upang pasuntukin sa hangin ang kaaway at birahin ang maninipis na nakakalat nitong mga pwersa.

Puspusing subaybayan at pag-aralan ang mga planong opensiba ng kaaway sa antas dibisyon at brigada. Mahigpit na buuin ang mga taktika, plano at koordinasyon sa antas rehiyon at subrehiyon. Dapat mahigpit na tuparin ng lahat ng yunit ng BHB ang mga tungkulin nila sa balangkas ng kabuuang plano.

Ilunsad ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa na may wastong balanse ng mga punitibo at anihilatibong mga operasyon. Bigyang-pansin ang mga opensibang may layuning makasamsam ng armas mula sa kaaway.

Dapat mapangahas na pukawin, organisahin at pakilusin ng BHB ang milyun-milyong masang magsasaka at mga minoryang mamamayan at paigtingin ang mga antipyudal at

iba pang pang-ekonomyang pakikibaka na paunlarin ang kabuhayan laluna sa harap ng krisis. Itaas ang kanilang anti-imperyalistang kamulatan sa pamamagitan ng paglalanatad sa interes ng malalaking kapitalistang dayuhan na yumuyurak sa kanilang kagalingan. Aktibong pakilusin ang masang magsasaka para lumahok sa digmang bayan.

Buong-sikhay na isulong ang mga pakikibakang anti-pasista. Sa kanayunan, matatag na labanan ang okupasyon ng militar sa mga komunidad. Tutulan ang kampanya ng paninindak, pananakot at pamimilit sa masang magsasaka na "sumuko." Sama-samang kumilos laban sa "surrender list" ng AFP na katunaya'y listahan ng target ng pagsupil o likidasyon ng AFP, bagay na labag sa itinatadhana ng internasyunal na batas na nagbibigay-proteksyon sa mga sibilyan, at iligal maging sa ilalim ng reaksyunaryong batas. Sikaping lalong masiglang isulong ang mga pakikibakang pang-ekonomiko sa panahon ng militarisasyon, igiit ang lehitimong mga kahilingan at ikawing sa anti-pasistang paglaban.

Sa kalunsuran, kasabay ng pagsusulong ng pakikibakang demokratiko ng iba't ibang sektor, aktibong ilantad ang pasistang pananalasa ng AFP sa kanayunan, laluna ang armadong panunupil at paghihigpit laban sa mga sibilyan. Paalingawngawin ang sigaw para wakasan ang batas militar sa Mindanao at paghaharing militar sa buong bansa.

Ipakitang wasto at makatwiran ang armadong paglaban ng masa para ipagtanggol ang kanilang lupa at isulong ang kanilang kagalingan. Lalo pang pabilisin ang pagrerekrut ng mga manggagawa sa BHB, gayundin ng mga estudyante, iba pang mga intelektwal at demokratikong sektor.

Ibayong palaparin ang pagkakaisa laban sa pasismo at tiraniya ni Duterte. Pakilusin ang buong bayan para ibagsak ang kanyang rehimen. AB

mayan at puminsala sa kanilang kabuhayan. Dalawang kalabaw ang napatay.

Bago nito, dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga myembro ng Task Force Kalikasan (TFK) sa Sindon Highway sa parehong barangay noong Agosto 14, alas-9 ng gabi. Ang TFK ang nangunguna sa pagpapakahoy at nagsasamantala sa mga rekurso ng kabundukan ng Sierra Madre. Nangungumpiska ang mga tauhan nito ng troso para ibenta at makinabang sa kita mula rito. Nangingikil din ang mga ito sa nahuhuli nilang maliliit na magtotroso nang hanggang P2,000 kada byahe habang P10,000 naman ang sinisingil nila sa mga magyayantok.

Inaresto rin ng BHB-Central Isabela sa parehong haywey si PO2 Danilo Maur habang ibinibahe niya ang 3,000 *boardfeet* ng iligal na troso noong Agosto 15, alas-11 ng gabi. Isang aktibong ahente ng paniktik si Maur. Ginagamit niyang prente ang pangangahoy at pagtinda para maniktik sa mga teritoryo ng gubyernong bayan. Liban dito, kilala siyang mangingikil sa ibang magtotroso at magyayantok. Nasamsam sa kanya ang isang pistolang .45.

Idineklarang POW o *prisoner of war* si Maur habang inimestigahan sa kanyang mga krimen sa bayan. Pinalaya siya matapos ang tatlong araw na imbestigasyon. Boluntaryo siyang nangakong ititigil niya ang paniniktik sa taumbayan at mga kriminal na aktibidad. Ipinasa siya sa kanyang pamilya noong Agosto 19 nang alas-2 ng hapon.

Samantala, naglunsad din ng mga armadong aksyon ang mga yunit ng BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa.

**Ilocos Sur.** Inatake ng BHB-Ilocos Sur (Alfredo Cesar Jr Command o ACC) ang hedkwarters ng 81st IB sa Barangay Bugbuga, bayan ng Sta. Cruz noong gabi ng Agosto 9. Ayon sa pahayag ni Saniata Maglaya, tagapagsalita ng

## Operasyon ng 2 kumpanya sa mina, pinaralisa ng BHB

PINARALISA NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB) ang mapangwasak na mga operasyon ng dalawang malaking kumpanya sa pagmimina noong Agosto sa mga bayan ng Las Nieves, Agusan del Norte at San Mateo, Rizal.

Isang *dredger* (barkong ginagamit sa pagmimina ng black sand at iba pang mineral sa Agusan River) ang sinunog ng isang yunit ng BHB sa Purok 1-B, Barangay Lingayao, Las Nieves noong Agosto 24 ng gabi. Pinasok ng mga Pulang mandirigma ang *dredger* na nakadaong noon sa pampang. Pinababa nila ang apat na tripulante kabilang ang kaptan ng *dredger*. Kinumpiska nila ang hawak na *shotgun* ng isang gwardya bago sinunog ang barko.

Pagmamay-ari ng Ark Green Dynamic Resources Corporation ang naturang *dredger*. Ang operasyon nito ay nakapangwawasak sa Agusan River. Nagpuproseso rin ang korporasyong ito ng mga dumi mula sa pagmimina pabalik sa Agusan River.

Samantala, pinaralisa ng BHB-Rizal noong Agosto 12 ang makinarya ng Monte Rock Corporation, isang kumpanya ng

*quarry*, na imbwelto sa mapanirang pagmimina sa Barangay Guitnang Bayan 2, San Mateo, Rizal.

Ayon sa BHB-Rizal, ang dalawang oras na reyd ay aksyong pamarusa laban sa kumpanya na ilang taon nang nagmimina ng bato sa bulubunduking bahagi ng Rizal. Ang mga operasyon nito ay nagdudulot ng malawakang pagbaha hindi lamang sa San Mateo kundi maging sa mga lunsod ng Marikina at sa Metro Manila. Inilunsad ang reyd kasunod ng malawakang pagbaha sa San Mateo bunsod ng Bagyong Karding.

Sinira ng BHB ang walong *dump truck*, dalawang buldoser, dalawang *payloader*, apat na *backhoe*, apat na *van* at mga gamit-upisina. Dinisarmahan din nila ang mga gwardya ng kumpanya. Nasamsam mula sa kanila ang dalawang *shotgun*, tatlong pistolang .38 at limang radyong pangkomunikasyon. AB

ACC, isang upisyal ang napatay at isang sundalo ang nasugatan sa atake.

Ani Maglaya, ang 81st IB ay talamak sa mga pang-aabuso nito sa mga sibilyan habang nagsasagawa ng "community support program." Nagsisilbi rin silang mga gwardya para sa proyektong *hydro-power dam* sa bayan ng Salcedo. Maliban sa napatay at nasugatan, nasira rin ang tulugan ng mga upisyal, upisinang pang-administratibo at isang sasakyan, ayon mismo sa tagapagsalita ng 81st IB.

**Masbate.** Noong Agosto 24, bandang alas 7:45 ng umaga, inambus ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Com-

mand) ang mga pulis na nakasakay sa isang sasakyang pampatrulya sa Crossing Biyong, Masbate City. Galing ang naturang mga pulis sa kanilang detatsment sa Barangay Bayombon nang pasabugan sila ng *command-detonated explosive* (CDX) at pinaputukan ng BHB. Apat sa mga pulis ang nasugatan, kabilang si SPO2 Ariel Espiel.

**Rizal.** Dalawang elemento ng 80th IB ang malubhang nasugatan nang pasabugan ng BHB-Rizal ng CDX ang kanilang sinasakyang trak sa Sityo Tanza 2, San Jose sa Antipolo City noong Hulyo 30, bandang alas-9:30 ng umaga.

Inisnapp naman ng isa pang  
"95th IB..." sundan sa pahina 5

yunit ng BHB-Rizal noong Hulyo 28 ang mga elemento ng 59th IB na nag-ooperasyon sa Barangay Sta. Inez, Tanay, Rizal. Isang sundalo ang napatay.

**Quezon.** Pinaputukan ng isang yunit ng BHB-Quezon ng Southern Tagalog ang laking-kumpanyang tropa ng 80th IB sa Sityo Sari, Lumutan noong Agosto 13, General Nakar. Napatay ang dalawang sundalo at malubhang nasugatan ang dalawa pa.

Sa hapon ng araw na iyon, isang elemento ng 1st IB ang inisnapp at napatay ng isa pang yunit ng BHB-Quezon sa Barangay Cagsiy II, Mauban. Nagsisilbing protektor ng Marcbuilt Construction ang yunit ng naturang sundalo. Isa ang Marcbuilt sa mga kumpanyang nang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka sa Laguna at Quezon.

**Capiz.** Apat na sundalo ng 61st IB ang nasugatan nang maglunsad ng operasyong harasment ang isang yunit ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr Command) noong Agosto 26 sa Sityo Naatip, Barangay Lahug. Nagsasagawa noon ng operasyong kombat ang 17-kataong yunit ng naturang yunit nang pasabugan sila ng CDX bandang alas-7:00 ng gabi.

**Iloilo.** Tatlong pulis ang nasugatan sa isang ambus na isinagawa ng isang yunit ng BHB-Southern Front (Napoleon Tumagtang Command) laban sa Iloilo Police Provincial Office's 1st Provincial Mobile Force Company noong Agosto 24. Nagsasagawa noon ng kombat patrol ang mga pulis nang pasabugan sila, bandang alas-6:20 ng umaga, sa Barangay Isian, Victoria sa bayan ng Leon.

Kabilang sa mga nasugatan si Chief Inspector Abner Jordan, pinuno ng naturang yunit.

**Compostela Valley.** Inambus ng isang yunit ng BHB-Compostela Valley ang nagpapatrulyang tropa ng 46th IB sa Manangkol, Golden Valley sa bayan ng Mabini. Tatlong sundalo ang napatay. AB

## 10 M16, nasamsam mula sa PNP-Lapinig

SAMPUNG RIPLENG M16, dalawang pistolang .9 mm, isang libong bala ng M16 at 49 piraso ng mga magasin ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan-Northern Samar (Rodante Urtal Command o RUC) sa matagumpay na reyde sa istasyon ng pulis sa bayan ng Lapinig noong Agosto 10. Nakakumpiska rin ang mga Pulang mandirigma ng teleskopyo, tatlong *laptop computer* at mahahalagang dokumento.

Sa pahayag na inilabas ng RUC noong Agosto 12, sinabi nitong isang mariing hambalos para sa rehimeng US-Duterte ang reyde sa naturang istasyon lalupa't nagsisilbi itong protektor ng sindikato ng iligal na droga sa Northern Samar.

Ayon kay Ka Amado Pesante, tagapagsalita ng RUC, habang ginagawang isang "killing machine" o makinarya sa pamamaslang ang Philippine National Police (PNP) sa ipokritong kampanyang Oplan Tokhang ng rehimen, imbwelto naman ang mga pulis nito sa pagnenegosyo ng iligal na droga sa maraming bayan ng prubinsya.

Gamit ang isang *dump truck*, nireyde ng Pulang hukbo ang hedkwarters ng pulisya. Limang minutong nakipagpalitan ng putok ang mga pulis bago sumuko. Dalawang pulis ang nasugatan.

Noong nakaraang taon pa ay nakatanggap na ng impormasyon ang BHB mula sa mga maralitang magsasaka tungkol sa pagka-imbwelto ng PNP sa iligal na droga. Dagdag pa ng RUC, ginagawang kober ng PNP ang Oplan Tokhang para sa sapilitang pagpasurender ng mga sibilyan bilang mga kasapi ng BHB.

Iniulat naman ng RUC sa hiwalay na pahayag noong Setyembre 2 ang pitong aksyong militar na isinagawa sa ilalim ng kumand nito mula Mayo hanggang Hunyo laban sa mga sundalo ng 803rd IBde. Lima sa mga opensibang ito ang isinagawa sa Silvino Lobos, at tig-isa sa Las Navas at Lope de Vega. Nabigwasan ang kaaway ng di bababa sa walong kaswalti, at nakapagsamsam ang RUC ng mga bala sa M60 at M16. AB

### Pambobomba sa Mindanao, ginagamit para sa batas militar

KINUNDENA NG PARTIDO Komunista ng Pilipinas ang mga pambobomba sa Isulan, Sultan Kudarat noong Agosto 28 at Setyembre 2 kung saan di bababa sa apat ang namatay at halos 50 sibilyan ang nasugatan. Kinukundena rin nito ang paggamit ng rehimeng US-Duterte sa dalawang insidente para bigyan-katwiran ang plano nitong pangalawang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao.

Nakatak dang magtapos ang batas militar sa isla sa Disyembre 31. Ngayon pa lamang, nagpahayag na ng suporta para sa pagpapalawig nito ang mga alipures at alyado ni Rodrigo Duterte. Nagbanta rin si Duterte na magpatupad ng *curfew* sa pambansang saklaw.

Malaking kasinungalingan ang ipinipilit ng pulis na may kinalaman ang rebolusyonaryong kilusan, partikular ang Bagong Hukbong Bayan (BHB), sa dalawang insidente ng mga pambobomba. Mahigpit na pinanghahawakan ng BHB ang kaligtasan ng mga sibilyan at taliwas sa mga prinsipyo nito ang ilagay sila sa anumang panganib.

Nagaganap ang mas malalaki pang krimen at mga paglabag sa karapatang-tao sa ngalan ng batas militar. Mahaba ang listahan ng mga kaso ng malawakang intimidasyon at pagpapasurender ng mga sibilyan, sapilitang pagrekrut sa CAFGU, panggigipit at pamamaslang, militarisasyon at maramihang pagtatayo ng mga detasment sa ngalan ng "kapyapaan at kaunlaran." Biktima rin ang mga sibilyan sa mga "nakapokus" na operasyong kombat na gumagamit ng mga *rocket* at bomba. AB

# Mabilis na lumalala ang krisis sa ekonomya

Lalo pang mabilis na sumisidhi ang krisis sa kabuhayan ng mamamayang Pilipino at sumasadsad ang atrasadong ekonomya ng Pilipinas sa ilalim ng rehimeng Duterte. Mabilis na lumulubha ang dinaranas nilang pang-aapi at pagsasamantala sa ilalim ng mga patakarang neoliberal na nagsisilbi sa malalaking kapitalistang lokal at dayuhan, mga panginoong maylupa at buruk-ratang kapitalista.

Mula simula ng taon, walang-awat at mabilis na sumisirit ang presyo ng pagkain at iba pang mga saligang pangangailangan. Nitong Agosto, pumalo na sa 6.4% ang implasyon, pinakamabilis na pagsirit ng presyo sa halos isang dekada. Pinakamasakit sa balsa ng mamamayan ang pagtaas ng presyo ng bigas. Tuluy-tuloy din ang pagtaas ng presyo ng *diesel* at ibang mga produktong petroloyo.

Laganap ang disempleyo. Hindi bababa sa 11 milyon ang wala at kulang ang trabaho. Sa sektor ng agrikultura, hindi bababa sa 723,000 hanapbuhay ang iniulat noong Abril na nawala. Lalong lumalaki ang agwat ng sahod ng mga manggagawa sa minimum na halagang kailangan para sa disenteng pamumuhay.

Wasto na tuwirang isinasakdal ng mamamayang Pilipino si Duterte na nasa likod ng walang-awat na pagtaas ng presyo ng mga biling dahil sa pagpapataw ng pabigat na mga buwis sa ilalim ng batas na TRAIN. Taliwas sa kanyang pangakong "maalwang buhay," pawang dagdag na pasanin at pahirap ang hatid ng TRAIN, gayundin ng mga kaltas sa subsidyo at iba pang patakarang ni Duterte. Ipinagpapatuloy lamang niya ang dati nang mga programa at patakarang ng nagdaang mga rehimen. Hindi bago ang itinutulak niyang "Build, Build, Build" liban sa nais niyang baklasin ang dating mga pamantayang tiyak na magbibigay-daan sa malalaking korapsyon. Ang krisis sa kabuhayan ng mamamayang Pilipino ay lumulubha kasabay ng patuloy na pagsadsad ng ekonomya ng Pilipinas. Simula

ngayong taon, lumitaw ang mga palatandaan na tutungo ang ekonomya ng Pilipinas sa bingit ng masidhing krisis.

Sumisirit ang depisito sa kalakalan (\$19.1 bilyon nitong unang hati ng taon, pinakamalaking kalahating taong depisito sa kasaysayan), ang depisito sa balanse sa bayaran (\$3.7 bilyon sa unang pitong buwan, halos tatlong ulit na mas malaki kumpara sa parehong panahon noong 2017) at ang depisito sa badyet ng guberno (P279.4 bilyon, 36% na mas mataas kumpara sa ganoon ding panahon noong 2017).

Pilit pinagtatakpan ng rehimen at ng mga reaksyunaryong teknokratang ugat ng krisis sa ekonomya. Walang sawa sila sa pagsabing "matatag ang pundasyon" ng ekonomya, gayong ang katotohanang nagnanaknak ang pinaka-ubod ng ekonomya sa Pilipinas. Lalo itong nabubulok sa harap ng pandaigdigang kapitalistang krisis at paghabol ng mga monopolyong kapitalista na humuthot ng tubo sa pamamagitan ng pagtupad ng mas malalaking anyo ng pagsasamantala.

Atrasado at hindi nakatatayo sa sariling paa ang lokal na ekonomya.

Pinaghaharian ng dayuhang malalaking kapitalista ang lokal na produksyon na nakasentro sa iilang tinaguriang "economic zones." Nakasalalay ito sa importasyon at nakatuon sa pag-eksport. Hindi ito nag-aambag sa pag-unlad ng lokal na kapasidad sa produksyon at di tumutugon sa lokal na mga pangangailangan. Ang mamumuhunang dayuhan ay hindi pinagbabayad ng buwis sa kanilang kita at mga kinukonsumong produkto o serbisyo. Sinusupil ang batayang karapatan ng mga manggagawa upang ipailalim sila sa pinakamalalang anyo ng pagsasamantala. Ang nililikhang halaga ng mga manggagawa ay hindi naiaambag sa paglago ng lokal na ekonomya bagkus ay iniluluwas lamang sa internasyunal na *assembly line* ng malalaking korporasyon multinasyunal.

Hinuhot ng mga dayuhang malalaking kapitalista ang lokal na rekurso. Malalawak na lupain ang inaagaw o ipinagkakait sa mga magsasaka at minoryang mamamayan para dambungin ang yamang mineral at gamitin sa malalawak na plantasyon ng mga tanim na pang-eksport. Daan-daan libong ektarya ang ipinagkakait sa produksyong pampagkain para sa lokal na pagpoproseso at konsumo. Atrasado ang lokal na produksyong agrikultural. Kulang na kulang ng pasilidad sa irigasyon at mga makinarya sa pagbubungkal, pagtatanim, pag-ani at pagmomolino. Halos walang subsidyo ang guberno sa agrikultura.

Isang malalim na sugat ang krisis sa kabuhayan na iniinda ngayon ng buong sambayanan. Walang saysay ang pantapal na mga hakbangin ng rehimen tulad ng pagbibigay ng mga subsidyo at iba pa. Tiyak na lalong tindi rin ang paglaban ng mamamayan sa susunod na mga buwan.



# Ibasura ang hungkag na OLBARMM, sumapi sa BHB—MRLO

Mariing kinundena ng Moro Resistance and Liberation Organization (MRLO) ang isinabatas na Bangsamoro Organic Law (BOL), kilala rin bilang Organic Law for the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (OLBARMM).

Anila, ipinasa ang OLBARMM upang linlangin ang mamamayang Moro. Sa pagbibigay ng mababaw na awtonomiya, ginagamit itong instrumento ng rehimeng US-Duterte para pahupain ang pakikibaka ng mamamayang Moro samantalang mayorya sa kanila ay dumaranas ng matinding kahirapan at kawalang-hustisya. Pinirmahan ni Rodrigo Duterte ang naturang batas noong Hulyo, matapos itong iratsada sa kongreso at senado noong Mayo.

Ayon sa MRLO, laganap ang kahirapan sa mga erya ng Moro at tiyak na magpapatuloy ito sa ilalim ng buuing Bangsamoro. Walang naka-saad sa OLBARMM hinggil sa pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo, isa sa pangunahin at laganap na usapin sa hanay ng mayorya ng mamamayang Moro. Sa halip na reporma sa lupa, ang itatayong gubernong Bangsamoro pa ang mangu-nuna sa pagbubuo ng mga patakarang para ibukas ang mga lupang ninuno sa dayuhang panananalasa.

Napatunayan na ito sa nakaraang mga taon, sa ilalim ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Ipinagmamalaki ng ARMM ang pag-unlad diumano ng rehiyon dulot ng pagpapasok sa mga kumpanyang nagmimina ng nikel at mineral, *quarry*, mga plantasyon ng *palm oil* at *biomass renewable energy*. Sa kabila ng nililikha nitong trabaho, nagdulot din ito nang walang kapantay na tantos ng kahirapan—aabot sa 60% ng halos apat na milyong naninirahan sa rehiyon ang maituturing na mahirap.

Kasapakat ang mga naghaharing uring Moro, ilalako ng OLBARRM sa mga kumpanyang dayuhan ang yaman at rekurso ng re-

hiyon. Iginawad na nito sa Malaysian Gas Petronas, kumpanyang US na nakabase sa Malaysia, ang bilyun-bilyong halaga ng langis sa Liguasan Marsh. Ibebenta naman sa mga multinasyunal na korporasyon at mga lokal na kumprador tulad ni Manny Pangilinan ang Lanao Lake. Patitindihin pa ng mga kumpanyang UNIFRUITTI, Dole, Del Monte, La Frutera, Nestle, Mount Kalatungan Agri Ventures Inc., at mga kumpanyang mina ang panghihimasok sa mga lupang ninuno sa mga prubinsya ng Maguindanao, Basilan, Tawi-Tawi, Sulu, Sultan Kudarat, North Cotabato at Lanao del Sur.

"Hindi na rin kagulat-gulat ang desisyon ng ilang lider ng MILF sa pagbitaw sa armadong pakikibaka, marami sa kanila sa kasalukuyan ay kabilang na sa naghaharing uri-nagmamay-ari ng malalawak na plantasyon ng saging at *oil palm* sa mga bayan ng Sultan Kudarat, Sultan Mastura, Datu Odin Sinsuat at Upi sa Maguindanao. Ang iba naman ay may mga *mall*, hotel at restawran sa Cotabato at Davao," ani Ka Jihad Al-Qursi, tagapagsalita ng MRLO.

"Dahil dito, napakadali sa kanila na isuko ang armadong pakikibaka dahil sila mismo ay makikinabang sa OLBARMM samantalang ang mayorya sa mamamayang Moro ay lugmok sa kahirapan."

Dagdag pa ng MRLO, ang totoo, walang puknat ang mga operasyong militar ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayang Moro sa gitna ng pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa MILF. Sa tabing ng ge-



ra laban sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters, ang grupong humiwalay sa MILF, tuluy-tuloy ang pambobomba sa Liguasan Marsh sa panahon ng Ramadan. Lumikas ang may 20,000 pamilya dahil dito.

Pinulbos din ni Duterte ang Marawi City na nagresulta sa pagbakwit ng may 323,000, pagkawasak ng mga tahanan at gusali at pagkakasawi ng libu-libong sibilyan. Sa gitna ng "pakikipagnegosasyon" ng rehimeng Duterte, tinambakan nito ng mahigit 30 batalyon ng AFP ang ARMM sa layuning gapiin ang armadong grupong Moro tulad ng BIFF, MNLF at MILF. Nagpapatuloy ito hanggang sa kasalukuyan.

Ani Al Qursi, walang dapat ipagdiwang ang mamamayang Moro sa pagkakapasa ng OLBARMM. Hindi nito niresolba ang panawagan ng mamamayang Moro para sa karapatan sa sariling pagpapasya, panawagan para sa hustiya at paggiit ng kontrol sa kanilang mga teritoryo at lupang ninuno. Bigo rin ang OLBARMM na tugunan ang kahilingan ng mamamayang Moro pa-

ra sa pagbubungkal ng sariling lupa, wakasan ang diskriminasyon laban sa mga Moro at kalayaan laban sa reaksyunaryong rehimen na pinamumunuan ni Duterte sa kasalukuyan.

Sa halip na hustisya, palalasyan ng rehimen at iilang pamilyang Moro ang mamamayan, sa anumang paraan. Titindi ang kahirapan at kagutuman. Libu-libong Moro ang mapipilitang ibenta ang kanilang lakas paggawa sa murang halaga upang makakain habang nagkakamal ang mga korporasyon ng ganansya.

"Nananawagan kami sa mamamayang Moro na ipagpatuloy ang armadong pakikibaka sa kabila ng prubisyon ng OLBARM na magbaba ng armas ang BIAF. Ang pagdedekomisyon (pagsusuko ng armas) sa BIAF ay taktika lamang ng rehimen na tangalan ng kakayahan na magtanggol ang mga komunidad ng Moro laban sa pwersa ng estado at mga korporasyon na naghahangad na dambungin ang lupa at yaman ng Bangsamoro," ani Al Qursi. Ang BIAF (Bangsamoro Islamic Armed Forces,) ang nakatayong armadong hukbo ng MILF.

Hinimok din ng grupo ang mga kapwa Moro na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan, ang tunay na hukbo ng mamamayang Pilipino at Bangsamoro. Bukas din ang MRLO na makipagtulungan sa mga elemento ng MILF, BIFF at iba pang grupong Moro para muling isulong ang armadong pakikibaka hanggang makamit ang kalayaan sa kontrol ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Kaisa ang mamamayang Moro sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Ani Al Qursi, pinatunayan na ng kasaysayan na hindi natatamo ang pagsasarili at sariling pagpapasya sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa reaksyunaryong estado. Tanging sa armadong pakikibaka makakamit ang tunay na hustisya at kalayaan. AB

## Martsa ng mga manggagawa, inilunsad

INILUNSD NG iba't ibang unyon at asosasyon ng mga manggagawa, kasama ang mga taong simbahan ang "Martsa ng mga Manggagawa" tungong tulay ng Mendiola, sa Maynila noong Agosto 27. Ipinanawagan nila ang pagwawakas sa kontraktwalisasyon at paglaban sa papabagsak na kalagayan ng kabuhayan ng mga manggagawa at mamamayan.

Sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at ng Church-Labor Conference na pinamumunuan ni Manila Auxiliary Bishop Broderick Pabillo, lumahok ang halos 20 organisasyon at ilang libo sa martsa. Samantala, sa Davao City, kasabay na pagkilos ang isinagawa sa pangunguna ng Samahan ng mga Manggagawa laban sa Kontraktwalisasyon (SAMA AKO). Isinagawa rin ang kaparehong protesta sa mga siyudad ng Cebu at Bacolod sa Visayas.

Samantala, ikinasa ng mahigit 300 manggagawa ng Liwayway Marketing Corporation ang kanilang welga noong Agosto 24 matapos tumanggi ang maneydsment na dinggin ang kanilang makataru-

ngang panawagan na gawing regular ang mga kontraktwal na manggagawa.

Nakapailalim sa apat na kontraktor ang mga manggagawa sa kabila ng paggawa ng mga produkto ng Oishi (mga pagkaing tsitsirya) at pagtatrabaho ng 15 taon.

Kasabay nito, nagpaplano ang mga superbisor ng PLDT na magwelga dahil sa sobrang pagpatrabaho sa kanila ng kumpanya na nagdudulot ng pinsala sa kanilang kalusugan. Matapos ang malawakang pagtatanggal sa 12,000 kontraktwal ng kumpanya, ipinasa ang lahat ng kanilang trabaho sa mga superbisor. Buo ang suporta ng tinanggal na mga manggagawa sa mga superbisor. AB

## Pagbawi sa lupang ninuno ng mga Manobo

SAMA-SAMANG INOKUPA at binungkal ng may 3,000 Manobo, sa pangunguna ng KASILU (Kaugalingong Sistema Igpasasindog to Lumadnong Ugpaan) ang 200-ektaryang lupa sa Barangay Cawayan, San Fernando, Bukidnon noong Setyembre 4. Ang lupang ito ay inaagaw nina Paquet Albona, Toto Espidoza at Bennie Elumba.

Limang dekada na ang nakalipas nang agawin sa mga Manobo ang kanilang lupang ninuno. Noon ay bihira lamang silang magutom sapagkat mayroong sapat na pagkain mula sa kanilang sakahan. Nakasanayan na nila ang sistemang "hunglusay" o tulungan sa pagsasaka. Sa lupang ninuno din nila nakukuha ang mga gamot para sa kanilang mga karamdaman, malinis na tubig at mga gamit para sa pagtatayo ng bahay.

Ayon kay Datu Ekil Amas, secretary ng KASILU sa San Fernando, "tanging sa nagkakaisang pagkilos lamang namin mababawi ang aming lupang ninuno."

Ang mga lumahok sa pagkilos ay nagmula sa 12 komunidad ng Manobo mula sa mga barangay ng Magkalungay, Cawayan at Poblacion.

Sa Norzagaray, Bulacan, naglunsad din ng kolektibong bungkalan ang may 60 pamilyang magsasaka sa bahagi ng 75 ektarya ng Barangay San Mateo na inaangkin ng Royal Mollucan, isang kumpanya sa *real estate*. Ang mga magsasaka ay kabilang sa Samahan ng mga Magbubukid sa Compra at mula pa nitong Setyembre 1 ay nagtanim ng mga saging, palay at gulayin.

Nitong Setyembre 6, nilusob ng mga armadong tauhan ng Royal Mollucan ang bungkalan at pinagsisira ang mga palay, bungang-kahoy at gulay, at maging ang mga kubol ng magsasaka. Noong Setyembre 3, pinaputukan ng mga gwardya ng kumpanya ang mga magsasakang nagbubungkalan. AB



SA BACOLOD CITY, nagkampuhan ang may 1,500 kasapi ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Negros noong Agosto 30 sa harapan ng tiwangwang na mga pabahay ng guberno sa Barangay Felisa, Bacolod City.

Matagal nang iginigiit ng Kadamay sa National Housing Authority na ibigay ito sa mga maralita. Ani Berlita Ante, Secretary General ng Kadamay-Negros, hindi nila papasukin ang mga pabahay hangga't magkaroon ng pag-uusap sa pagitan ng Kadamay at Bacolod NHA. Samantala, magpapatuloy ang protesta para tiyaking magkaroon ng dayalogo.

**Kontra-terorismo.** Sumugod at nagprotesta ang iba't ibang grupo ng mga pambansang minorya sa Manila Regional Trial Court noong Agosto 31 kasabay ng paghahain ng mosyon para tanggalin ang pangalan ng mga lider-katutubo sa listahan ng mga terorista sa isang kasong isinampa ng Department of Justice.

Lumahok sa pagkilos ang iba't ibang grupo ng pambansang minorya. Kinundena nila ang nagpapatuloy na pag-aresto at pagpapakulong sa mga lider-katutubo sa bansa na umaabot na sa 170 indibidwal.

**Pagtatanggol sa mga eskwelahan.** Nagprotesta ang Save our Schools Network (SOS) at Salinlahi Alliance sa harapan ng kongreso noong Agosto 28 kasabay ng pagdinig sa badyet ng Department of Education.

Ipinanawagan nila ang paglalabas ng mga permit para sa mga paaralang Lumad at kinundena ang pagpapahintulot ng DepEd sa presensya ng mga sundalo sa kanilang mga paaralan. Nitong Setyembre 3, muling itinayo ang "Eskwelahang Bakwit" sa Metro Manila dala-dala ang isyu ng militarisasyon at pang-gigipit ng rehimeng Duterte sa mga eskwelahang Lumad. AB

## Militar at pulisya, nananalasa sa kapuluan

**T**atlong kasapi ng isang organisasyong magsasaka sa Compostela Valley ang magkakasunod na pinatay ng mga tauhan ng estado nitong Agosto sa ilalim ng nagpapatuloy na lagim ng batas militar sa Mindanao. Sa iba pang panig ng bansa, naghahari rin ang teror ng iba pang yunit ng militar at pulis.

**Pagpatay.** Sa Compostela Valley, binaril at pinatay ng mga elemento ng 66th IB si Rolly Panebio, 46, aktibong kasapi ng Compostela Farmers Association (CFA) noong Agosto 18, dakong alas-10:30 ng gabi. Katatapos lamang ni Panebio ng kanyang trabaho bilang boluntir na istap panseguridad ng Salupongan Ta Tanu Irganugon Community Learning Center sa Barangay Bango nang dumating ang dalawang lalaking sakay ng motorsiklo. Dinala ng mga lalaki si Panebio ilang metro ang layo mula sa paaralan at doon siya binaril.

Bandang tanghali kinabukasan, binaril at pinatay din ng mga elemento ng 66th IB ang mag-asawang Gilbert at Jean Labial, parehong kasapi rin ng CFA. Pauwi ang mag-asawa mula sa burol ni Panebio nang makita ni Gilbert ang dalawang lalaking nag-aabang malapit sa kampo ng 66th IB sa Sityo Balite, Barangay Banakon ng parehong bayan. Ipinihit ni Gilbert ang kanyang motorsiklo pabalik pero hinabol sila ng mga salarin at pinagbabaril hanggang mamatay.

Si Panebio at ang mag-asawang Labial ay aktibong lumaban sa pagmimina at militarisasyon sa kanilang lugar. Dati na silang pinaratangan ng mga sundalo bilang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sapilitang pinas-render noong Pebrero at Marso.

Sa Negros Oriental, pinagbabaril hanggang mapatay si Heide Malalay Flores noong Agosto 21, pasado alas-6 ng gabi sa Poblacion, Guihulngan City. Isang dating aktibista si Flores at kilalang matulungin sa mamamayan laluna sa mahihirap na magsasaka. Noong 2017, pinagbantaan si Flores ng

grupong *vigilante* na Kawsa sa Guihulnganon Batok Druga ug Komunista matapos ang matagumpay na ambus ng BHB laban sa PNP.

Sa Cebu, pinatay sa pamamail noong Agosto 8 si Butch Rosales, 42, isang tagapagtanggol ng kapatang-tao at boluntir ng Rise Up Cebu. Nakasakay sa unahan ng dyip papuntang Punta Engaño, Lapu-Lapu City si Rosales nang siya ay pagbabarilin ng suspek na umupo sa likuran niya. Tumakas ang salarin sakay ng isang nag-aabang na motorsiklo.

Sa Pangasinan, pinatay ng mga elemento ng PNP Regional Office 1 ang menor de edad na si Joshua Laxamana, 17, habang pauwi sa Tarlac City ang binatilyo at ang kanyang kaibigan na si Julius Sebastian, 15. Nanggaling ang magkaibigan sa Baguio City para dumalo sa isang paligsahan ng DOTA (laro sa kompyuter). Huli silang nakita sa Sison, Pangasinan noong Agosto 16 na nag-aabang ng saksyang maaangkasang pauwi. Kinabukasan, ibinalita ng PNP na natatay umano nila si Laxamana nang "manlaban" ito. Pinalabas pa ng PNP na imbwelto ang menor de edad sa mga pagnanakaw sa Pangasinan, may dalang baril at shabu, at tumalilis sa tskepoynt sakay ng motorsiklo. Hindi pa rin inililitaw ng PNP si Sebastian.

**Bigong pagpatay.** Tinangkang patayin sa pamamail ng armadong lalaki noong Setyembre 4, bandang alas-6 ng umaga si Victor Ageas, lider ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms-Kilusang Mayo Uno sa Compostela, Compostela Valley. Ayon mismo kay Ageas, nagmamaneho siya ng motorsiklo papunta sa plantang pinapasukan

nang sundan siya ng apat na lalaking nakamotorsiklo at sinalubong ng apat pa sa kahabaan ng Crossing Blanco. Pinaputukan si Ageas nang dalawang metro lamang ang layo ng mga salarin.

Itinuturong motibo ng KMU ang plano ng NAMASUFA na maglunsad ng welga laban sa Sumifru dahil sa pagbalewala ng kumpanya sa CBA o *collective bargaining agreement* na pinamumunuan ng unyon.

**Iligal na pag-aresto.** Noong Setyembre 2, tatlong magsasaka sa Barangay Calumpit, Lobo, Batangas ang iligal na inaresto ng mga sundalo ng 2nd ID na nakakampo sa gitna ng kabahayan ng naturang baryo. Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, inaresto sina Marwin de Rafael, Santi Ticatic at Jose-lito Flores at kasalukuyang nakakulong sa PNP Lobo. Mahigpit na nilalabanan ng mamamayan ng Lobo ang planong pagtatayo ng kumpanya sa mina sa bayan.

Isinagawa ang iligal na pang-aresto sa parehong araw matapos ang pagdepensa ng BHB-Batangas laban sa atake ng 1st IB sa Sityo Silyaran ng parehong barangay. Pinasabugan ng bomba at pinaputukan ng mga riple ng BHB ang mga tropa ng militar na nagresulta sa ilang kaswalti sa kanilang hanay.

Noong Agosto 11, inaresto si Arnold Albarillo ng dalawang pulis na nakasibilyan sa Barangay Calsapa at dinala sa kampo ng Provincial Public Safety Battalion sa Barangay Tacligan, San Teodoro, Oriental Mindoro. Ipinailalim siya sa interogasyon sa loob ng dalawang oras bago dinala sa PNP San Teodoro. Idinetine siya sa mga kasong pagpatay, tangkang pagpatay at rebelyon.

Galing si Albarillo sa isang pamilyang matagal nang ginigipit ng estado. Ang kanyang magulang at nakatatandang kapatid ay biktima ng tortyur at pagpatay ng militar. Noong Abril 2002, sa ilalim ng malagim na pamumuno ng noo'y Col. Jovito Palparan sa Mindoro, inakusahang kasapi ng BHB at pinatay

ang kanyang mga magulang na sina Manuela at Expedito, na noo'y mga koordineytor ng Bayan Muna. Noong 2012, pinatay ng 74th IB si Armando Albarillo, kuya ni Arnold at dating pangkalahatang kalihim ng Bayan-Timog Katagalugan.

Samantala, noong hapon ng Agosto 15, iligal na inaresto ng mga pulis si Mylene Santua, dating tagapagsalita ng grupong Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM), sa Barangay Pagsangahan, San Francisco, Quezon. Nananawagan ang CLAIM na ibalik ang mahigit P200 bilyong pondo ng *coco levy* sa mga magniniyog. Buntis si Santua at magpapatingin sana sa duktor nang siya ay hulihin. Kasalukuyan siyang nakadetine sa Barangay Malamig sa parehong bayan.

**Pambobomba.** Nagdulot ng matinding takot sa mga estudyante ng Salugpungan Ta Tanu Igkanugon Learning Center ang pambobomba ng 10th ID noong Agosto 27 sa Barangay Dagohoy, Talaingod, Davao del Norte. Ihinulog ng Philippine Air Force ang mga bomba nito malapit lamang sa paaralan kung saan kasalukuyang nagkakaroon ng klase ang mga bata.

**Militarisasyon.** Sa Isabela, okupado ng 54th IB ang Barangay Sta. Isabel, Jones mula pa noong Hulyo. Pinamumunuan ng isang Lt. Amilao ang pagsasagawa ng operasyong "community support program" sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Resulta nito, samu't saring paglabag sa mga karapatan ng taumbaryo ang naitala, kabilang ang sapilitang pagpasok at iligal na panghahalughog ng kabahayan, pagsira ng mga taniman, paniniktik at pagakusa sa mga residente bilang mga kasapi o tagasuporta ng BHB. Nagpataw din ng *curfew* ang mga sundalo. Maliban sa 54th IB sa Jones, inooperasyon din ng 86th IB at 95th IB ang mga bayan ng San Agustin at San Guillermo.

Sa Negros, tumindi ang mga paglabag ng 303rd IBde sa karapatan ng mamamayan ng isla mula nang madestino dito ang 15th IB at

94th IB nitong unang hati ng taon. Maliban ito sa pananalasa ng 62nd IB sa ilang bayan ng isla. Pinamumunuan ni Col. Alberto Desoyo ang 303rd IBde.

Tuluy-tuloy ang operasyong militar ng 15th IB sa South Negros, partikular sa mga bayan ng Hinobaan, Ilog, Candoni, Sipalay City at Basay mula pa Marso. Ayon kay Ka Juanito Magbanua ng BHB-Negros Island, ang mga operasyon ng 15th IB ay nagsisilbing paghahanda para sa gaganaping pagsasanay-militar na Balikatan sa Oktubre. Sa mga baybay-dagat na mga barangay ng Asia at Sangke, at sa hangganan ng Hinobaan at Ilog, inutusan ng mga sundalo ang mga residente na wasakin at lisanin ang kanilang mga bahay sa bukid.

Kabilang din sa mga krimen ng 15th IB ang pambubugbog at sapilitang pagpapagiya sa apat na magsasaka; paniniktik at pagtarget sa mga residenteng inilista ng militar bilang mga kasapi o tagasuporta ng BHB; pagsira sa mga palayan, pananim at ani; pagbabawal sa mga residente na pumunta sa kanilang mga bukid; at pagpakawala sa mga alagang hayop na dahilan ng pagkamatay ng ilan sa mga ito.

Sa Central Negros, mala-halimaw na inatake ng mahigit 100 sundalo ng 94th IB ang mga syudad ng Guihulungan at Canlaon, at mga bayan ng Magallon (Moises Padilla) at Isabela. Dagdag pa ng BHB-Negros, nagpapanggap na mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng 94th IB at sapilitang pumapasok sa mga bahay at nananakot sa mga residente. Dahil dito, hindi makapunta sa kanilang mga sakahan ang taumbaryo.

Halos limang buwan na ring okupado ng 62nd IB ang dalawang barangay sa Mabinay, dalawa pa sa Manjuyod, at ilan sa Ayungon. Ginagamit bilang kampo ng mga sundalo ang mga *barangay hall* at iba pang sibilyang istruktura, sapilitang pinapasok ang mga bahay ng mga residente at pinasusurender sila bilang mga kasapi ng BHB. AB

# Krisis sa bigas at pagkain, ginagamit para sa todong liberalisasyon

Bagamat isang bansang agrikultural ang Pilipinas, nagsisikip ngayon ng sinturon ang mga Pilipino dahil sa patuloy na pagsirit ng presyo at mahigpit na kontrol ng malalaking kapitalista sa suplay ng bigas, isda at iba pang batayang pagkain.

Mula 2017, tumaas ang presyo ng bigas nang abereyds na 10% ayon sa datos ng reaksyunaryong guberno. Noong nakaraang buwan, natulak na magdeklara ng *state of calamity* ang Zamboanga City matapos pumalo sa P70-P80/kilo ang presyo ng bigas sa lunsod.

Kasabay rin nitong nagtaasan ang mga presyo ng galunggong (P160-P200/kilo, mas mataas nang P20-P60 kaysa sa abereyds na presyo sa palengke), tilapia (P130/kilo, mas mataas nang P30) at bangus (P180/kilo, mas mataas nang P30).

Itinuturing ng rehimen ang krisis sa pagkain bilang isa sa mga pangunahing salik kung bakit sumirit ang implasyon sa 6.4%, ang pinakamataas na naitala sa loob ng siyam na taon.

Subalit imbis na itulak ang pagpapalakas sa lokal na produksyon alinsunod sa prinsipyo ng seguridad at soberanya sa pagkain at agrikultura para tugunan ang nasabing krisis, isinasangkalan ito ngayon ng mga upisyal ng rehimen sa ekonomya at ni House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo para itulak ang mas malawakang pag-aangkat ng mga produktong agrikultural alinsunod sa mga patakaran ng World Trade Organization (WTO).

Sa partikular, inilulusot nila ang pagpapatupad sa mga patakarang higit pang babaklas sa mga restriksyon sa pag-aangkat at hihila pababa sa mga taripa (buwis sa inaangkat na produkto).

Minamadali ngayon ang pagsasabatas ng Rice Tariffication Bill na tuluyang magtatanggal sa restriksyong kantitatibo (o pagtatakda ng pinahihintulatang dami) sa pag-aangkat ng bigas at sa halip ay magpapataw na lamang ng 35% ta-

ripa rito na nakatakda pang hatakin sa mas mababang antas sa darating na mga taon. Ipinatupad din ng Department of Agriculture noong nakaraang buwan ang Fisheries Administrative Order 195 na nagpahintulot sa pag-aangkat ng 17,000 metriko toneladang (MT) galunggong.

## Pakanang neoliberal

Sa ilalim ng rehimeng Ramos noong 1995, itinulak ng noo'y Senador Arroyo ang pagpirma ng Pilipinas sa Agreement on Agriculture (AOA) ng WTO. Alinsunod sa AOA, obligado ang Pilipinas na todong buksan ang bansa sa pag-aangkat ng mga produktong agrikultural at pagtatakda ng mababang taripa. Niratipika ng Senado ang AOA sa pamamagitan ng pagpasa ng Agricultural Tariffication Law.

Sa kabila nito, hindi agad naiapatupad ang todong liberalisasyon ng bigas dahil sa mahigpit na pagtutol at paglaban ng mamamayan. Sa harap ng malawakang mga protesta, natulak ang reaksyunaryong guberno na kumuha ng sampung-

taong ekstensyon bago baklasin ang mga kantitatibong restriksyon sa bigas.

Bagamat nanatili sa 50% ang taripa sa bigas, inobluga ng WTO ang bansa na magbukas sa *minimum access volume* (MAV o minimum na dami) sa pag-aangkat ng bigas. Nilimita sa 3% lamang ng kabuuang lokal na produksyon ang MAV, pero sa aktwal ay lumalampas dito ang dami ng inaangkat na bigas.

Nang muling humiling ng ekstensyon ang reaksyunaryong guberno noong 2004 at 2012, nagpataw ulit ang WTO ng mga tagibang na kundisyon sa pakikipagkalakalan. Sa ikalawang ekstensyon, ibinaba nito sa 40% ang taripa sa bigas, at mula 40% tungong 35% ang sa imported na karne. Sa ikatlong ekstensyon, itinaas sa 7% ang MAV at ibinaba sa 35% ang taripa sa bigas. Ibinaba rin ang taripa sa karne, lamang loob ng baboy at manok at mga produktong gatas.

Sa kasalukuyan, Pilipinas na lamang ang myembrong-bansa ng WTO na mayroon pang natitirang kantitatibong restriksyon sa pag-aangkat. Sinasamantala ngayon ng rehimen ang pagsirit ng presyo ng mga produktong pagkain para bigyang matwid ang todong liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas at galunggong sa lokal na pamilihan.



## Balighong lohika

Pinasinungalingan ng Ibon Foundation ang lohika na mapatatatag o bababa ang presyo ng pagkain sa pamamagitan ng dagdag na importasyon.

Ipinakita nito na may mga taon na mataas ang pag-aangkat subalit nagpatuloy ang pagsirit ng presyo. Halimbawa, tatlong taon bago mabilis na tumaas ang presyo nang P7.99 kada kilo noong 2008, nag-aangkat na ang bansa ng taunang abereyds na 1.8 milyong MT. Noong 2008-2010, nag-aangkat ang bansa ng taunang abereyds na 2.2 milyong MT, subalit patuloy na tumaas ang presyo ng bigas nang taunang abereyds na P1.20 hanggang 2016.

Wala ring regulasyon ang pamalahaan sa presyo ng inaangkat na bigas kapag ito ay ibebenta na sa lokal, dagdag ng Ibon. Maraming pagkakataon sa nakaraan na hindi sumasabay ang lokal na presyo, laluna ang tingi-ang presyo sa galaw ng presyo sa pandaigdigang pamilihan. May mga panahon na habang pababa ang galaw ng pandaigdigang presyo ng bigas, pataas ito sa lokal. Malaki ang papel dito ng mga komersyanteng kumokontrol sa suplay at presyo ng bigas at pagtanggì ng gubyerno na pangalagaan ang interes ng mamimili laban sa labis na pagtaas ng presyo.

Malinaw na pawang pakana lamang ng rehimeng US-Duterte ang mga programa nito sa pag-aangkat para isagad ang liberalisasyon sa mga subsektor ng agrikultura na may natitira pang proteksyon, alinsunod sa dikta ng WTO. Patunay lamang ito na walang plano ang reaksyunaryong gubyerno na palakasin ang lokal na produksyong agrikultural at sa halip ay patuloy lamang nitong pananaigin ang mga neoliberal na kasunduan sa kalakalan na malakon nang ginagamit ng mga imperyalista para igapos ang Pilipinas sa kanilang dominasyon. **AB**

## Mga sibilyan, minasaker ng mga pasistang tropa ng India

**L**abinlimang sibilyan ang minasaker ng mga pulis ng India noong Agosto 6 sa baryo ng Nulkatong sa bayan ng Sukma, Chattisgarh. Para pagtakpan ang krimen, pinalabas ng mga pulis na armado at mga kasapi ng milisyang bayan ng Communist Party of India (CPI)-Maoist ang naturang mga sibilyan. Pinabulaanan ito ng mga kamag-anak at kababaryo ng mga biktima.

Noong Agosto 8, kinasuhan ng grupong tagapagtanggol ng karapatang-tao ang mga salaring pulis.

Ayon sa mga pulis, nakipagpalitan ng putok ang mga sibilyan at nakakumpiska pa diumano sila ng 13 mababang kalibreng armas mula sa pinangyarihan. Dinamitan din nila ng unipormeng komoplahe ang isa sa mga napaslang, ang 14-anyos na si Muchaki Muka. Ipinagmalaki ng reaksyunaryong estado ng India ang masaker bilang "pinakamalaking operasyon" laban sa mga Naxalista (katawagan sa mga Maoista sa India) sa estado ng Chattisgarh. Ang Chattisgarh ay bahagi ng tinaguriang "Red corridor," mga lugar na malakas ang presensya ng CPI-Maoist at ng armadong hukbo nito, ang People's Liberation Army.

Pero ayon sa imbestigasyon ng Scroll.in, isang independyenteng midya sa India, natutulog sa isang "kheta" o "ladi," isang kubo na pansamantalang tinitigilan ng mga magsasaka tuwing panahon ng pagtatanim at ani, ang 30 katao nang paulanan sila ng bala ng mga pulis. Sa 15 napatay, apat ang menor de edad. Apat ang inaresto, isa ang malubhang nasugatan habang nakatakas ang natitira. Sa listahang inilabas mismo ng CPI-Maoist, wala ni isa sa kanila ay myembro ng kanilang hukbo o ng kanilang milisya. Napatunayan ng imbestigasyon mismo ng mga pulis na ang "ilan" sa mga biktima ay hindi Maoista.

Iginiit hindi lamang ng mga kamag-anak ng mga biktima, kundi pati ng kanilang mga kababaryo, na mga sibilyan ang minasaker ng mga pulis. Kabilang dito ang tatlong

magpipinsan na menor de edad, na sumama lamang sa kanilang ama at tiyuhin. Katunayan, dalawa lamang ang may balak matulog sa *kheta* noong gabing iyun. Dumami lamang sila nang magsimulang mag-operasyon ang mga tropa ng pulis sa Nulkatong at kalapit na mga baryo.

Ayon pa sa kamag-anak ng mga biktima, tumigil ang 30 sibilyan sa naturang *kheta* para takasan ang pang-aabuso ng mga pulis na nag-simulang mag-operasyon sa limang magkanugnog na lugar sa simula ng Agosto. Madalas, arbitraryong kinukulog at binubugbog ng mga pulis ang mga lalaking residente kapag pumapasok sila sa lugar. Ninanakaw din nila ang bigas at manok ng taumbaryo.

Sa kaugnay na balita, dumadamang ang mga organisasyon sa loob at lakbas ng India na bumabatikos kay Nahendra Modi, punong ministro ng bansa, sa isinasagawa niyang *crackdown* sa mga aktibista para supilin ang mga lehitimong protesta laban sa mga patakaran ng kanyang rehimen.

Naglunsad ng serye ng reyd at pang-aaresto ang pulis ng India sa anim na estado laban sa mga lider ng komunidad, pati ang kilalang mga intelektwal noong Agosto 28. Inaresto at idinitine nito sina Sudha Bharadwaj, abugado at tagapagtanggol ng karapatang tao; Varavara Rao, kilalang manunulat at makata at kanyang dalawang anak na babae na sina Anala at Pavana; Arun Ferreira, manunulat at aktibista; reporter at aktibistang si Gautam Navlakhia; Vernon Gonsalves, manunulat at aktibista; Stan Swamy, paring Katoliko at

aktibista; Anand Teltumbde, propesor at dalubhasa; K. Satyanarayana, propesor; KV Kurmanath at Kranti Tekula, mga peryodista; at Jiten Yumnam, peryodista at tagapagtanggol ng karapatang-tao. Inaresto sila sa batayan lamang ng suspetsa na sangkot sila sa gawa-gawang kwento ng planong asasinasyon kay Modi at pangunguna diuman sa protesta noong nakaraang taon para suportahan ang mga Adivasi, ang kolektibong katawagan sa mga pambansang minority ng India. Inakusahan din silang tagasuporta ng CPI-Maoist at ng armadong hukbo nito, ang People's Liberation Army, na pangunahing nakabase sa lugar ng mga Dalit.

Umabot sa 12 organisasyon mula sa India, Nepal, Germany, Bangladesh at Pilipinas ang pumirma sa petisyon para ibasura ang gawa-gawang mga kaso laban sa mga aktibista at kagyat silang palayain.

Nanawagan din noong Agosto 17 ang ILPS-Canada na agaran at walang kundisyong palayain sina G.N. Saibaba, kasama ang "India 5" at lahat ng bilangong pulitikal sa India kaugnay sa ika-72 taong kalayaan ng India.

Si Saibaba ay kilalang propesor ng literatura sa Delhi University. Ang limang aktibista naman ay masusugid na tagapagtanggol ng karapatang-tao, laluna ng mga Adivasi at mga Dalit, ang itinuturing na pinakamababang uri sa India. Inaresto sila noong Hunyo 2017.

Hinatulan si Saibaba ng taong ding iyon ng habambuhay na pagkabilanggo, kasama sina Hem Mishra, Prashant Rahi, Mahesh Tirki at Pandu Narote. Pinaratangan silang may kaugnayan sa mga Maoista. Nakakulong ngayon si Saibaba sa notoryus na bilangguan ng Nagpur sa kabila ng kanyang lumalalang karamdaman. AB

## Mga grupong progresibo sa Colombia, nagbuklod

NAGBUKLOD ANG LIMANG grupong progresibo sa Colombia para itayo ang malawak na demokratiko at anti-imperyalistang prente sa ilalim ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) noong Agosto 10-11.

Ayon kay Prof. Jose Ma. Sison, tagapangulo ng International Coordinating Committee ng ILPS, napapanahon at angkop ang paglulunsad ng asembliya sa ilalim ng tema para sa panlipunang hustisya laluna matapos isuko ng FARC (Fuerza Armada Revolucionario de la Colombia) ang armadong pakikibaka kapalit ng ilang konsesyon sa pulitika mula sa reaksyunaryong estado ng bansa. Walang mangyayari sa pinirmahang kasunduan sa pagitan ng FARC at ng gubyernong Colombian, ani Sison, at hindi matatamo ang panlipunang hustisya hanggang nakapailalim ang bansa sa paghahari ng imperyalismong US at habang lalong tumitindi ang pang-aapi at pagsasamantala ng mga naghaharing uri ng Colombia sa mamamayan. Pumasok sa pinal na kasunduan para sa pagbaba ng armas ang FARC noong 2016, kapalit ng tatlong pwesto sa parlamento at amnestiya para sa mga mandirigma nito.

Ayon pa kay Prof. Sison, ang mga progresibong grupong nagbuklod ang nasa pusisyon para suriin ang kasaysayan at ilahad ang kasalukuyang kalagayan ng mamamayan ng Colombia. Panahon ngayon ng maiigting na kumpetisyong pang-ekonomya at ribalan sa pulitika sa hanay ng mga imperyalistang poder at tumitindi ang kanilang pang-aapi at pagsasamantala sa mga mamamayan ng mundo, ani Sison. Dahil sa kanilang makitid na mga makasariling interes, kanila rin mismong tinutulak ang proletaryo at mamamayan na umalsa at palayain ang sarili.

Partikular sa Latin Amerika, kung saan nasasakop ang Colombia, ginagamit ng US ang mga alyado at mga tauhan nito sa larangan ng pulitika at ekonomya para supi-

lin at gapiin ang mga anti-imperyalista, demokratiko at rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Kasabay nito, pinipigilan din ng US ang pagpasok ng kapital ng China sa isang rehiyong napakalapit at malaon nang itinuturing na likuran. Gayunpaman, malakas ang paglaban ng mga bansa rito, katulad ng sa Cuba at Venezuela, laban sa pakikialam at interbensyon ng US. Asahang titindi pa ang mga pagsisikap na ipataw ang paghahari nito sa Latin America, ayon pa kay Sison.

Sa gayon, dapat handa rin ang mga progresibong grupo na palawakin at paigtingin ang iba't ibang porma ng paglaban sa pagitan ng US at mamamayan ng Latin America. "Sa susunod na lima hanggang 10 taon, magiging saksi tayo ng walang kapares na pagputok ng mga bula sa ekonomya at pulitika ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ang walang kapares na pagtaas sa antas ng paglaban ng mamamayan," dagdag pa ni Sison.

Binubuo ang ILPS-Colombia ng La Corporacion para Investigacion y la Educacion Popular, El Movimiento por la Defensa de los Derechos del Pueblo, El Movimiento por la Constituyente Popular, el Colectivo Nacional Sindical Clasista "Guillermo Marín" at Organizacion de Mujeres del Pueblo de Colombia.

Kabilang ngayon ang ILPS-Colombia sa 200 kasaping organisasyon sa 40 bansa sa limang kontinente na magpapatuloy sa pagpapalakas ng pagkakaisa, pagtutulungan at koordinasyon sa mga anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka sa buong mundo sa pamamagitan ng luma-king pagkilos sa may 17 isyung multisektoral. AB